Ang Public Guardian

Sino ang Public Guardian?

Ang Public Guardian ay isang independienteng opisyal sa batas na may tungkuling pangalagaan ang mga karapatan at interes ng mga bata at kabataan na nasa ilalim ng sistema ng pangangalaga sa bata. Kasama dito ang mga bata at kabataang kinakalinga ng foster o kamag-anak, nasa pasilidad ng pag-aalaga (residential care), nakaditine, nasa mga pasilidad para sa kalusugan ng isipan o mga piitan.

Ang Tanggapan ng Public Guardian (OPG) ay nagtataguyod ng adbokasya ng indibidwal sa pamamagitan ng tagabisita ng komunidad at tagapagtaguyod ng adbokasya ng mga bata (child advocate) – legal na opisyal ng batas. Ang mga tagabisita sa komunidad at *child advocates* ay tumutulong at sumusuporta sa mga bata at kabataan sa pamamagitan ng paniniguro na ang kanilang mga pananaw at naisin ay naririnig at ang kanilang mga pangangailangan ay natutugunan.

Paano makakatulong ang isang tagabisita ng komunidad para sa bata?

Ang mga OPG na tagabisita sa komunidad ay may mahalagang papel sa adbokasya ng bata. Sila ay handa kapag kailangan ng isang bata o kabataan ang kanilang tulong, suporta o payo; maaaring tungkol ito sa kanilang mga kaayusan sa pag-aalaga, kanilang mga karapatan o mga simpleng bagay na may kinalaman sa kanila.

Bawat bata na pumapasok sa pag-aalaga, o muling pumapasok sa pag-aalaga, ay tatanggap ng bisita mula sa isang tagabisita ng komunidad at makaraan nito ay matatantya ang dalas ng regular na pagbisita batay sa indibidwal na pangangailangan ng bata o kabataan.

Ilang halimbawa ng mga maitutulong ng tagabisita ng komunidad sa bata ang:

- paniniguro na ang kanilang mga pangangailangan ay natutugunan sa kanilang tinitirhan
- pagpapahayag ng mga pananaw ng bata o kabataan sa kanilang opisyal sa kaligtasan ng bata
  (child's safety officer)
- pagtulong sa paglutas ng mga suliranin o alitan
- pagtulong sa kanila upang makapagsarili kapag nilisan na nila ang pag-aalaga.

Paano makakatulong ang child advocate na opisyal ng batas?

Sa pamamagitan ng pangkat ng mga opisyal sa batas sa buong estado, ang OPG ay nagbibigay sa mga bata at kabataan na nasa sistema ng pangangalaga sa bata ng payo, impormasyon, tulong at suporta sa pamamagitan ng:

- pagbibigay ng impormasyon at payo tungkol sa mga legal na bagay na may kinalaman sa kanila
- pagtulong upang mapakinggan ang kanilang mga pananaw at maisaalang-alang ito sa paggawa ng mga desisyon na makakaapekto sa kanilang mga kaayusan sa pag-aalaga sa mga pulong ng grupo ng pamilya, at mga pagdinig sa korte at husgado
- pagbibigay ng suporta sa mga pakikipag-usap sa korte at pag-aayos ng pambatas at iba pang representasyon.
- pagtulong sa pagpapadala ng aplikasyon sa korte o husgado kaugnay ng mga desisyong ginawa ng kaligtasan ng bata, o may kinalaman sa mga kautusan sa pangangalaga ng bata.
- Pagtulong sa bata o kabataan na may suliranin sa pagkakasuspinde o hindi pagkakasali sa paaralan

Interpreter

Makipag-ugnayan sa amin para sa karagdagang impormasyon

Tanggapan ng Public Guardian

Ph:Freecall 1800 661 533 or 07 3225 8325

SMS:0418 740 186

Email:child@publicguardian.qld.gov.au

Website: www.publicguardian.qld.gov.au

Kung nais mong makipag-ugnayan sa amin at may mga bagay na nais mong ipaliwanag sa iyong wika, mangyaring tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS) sa 13 14 50 at hilingan silang kontakin ang Public Guardian.